BRAMPTON

Media Release

PARA SA AGARANG PAGLABAS

# Lungsod ng Brampton handa nang linisin ang daan sa winter na ito!

BRAMPTON, ON (Nobyembre 7, 2022) – Malapit nang dararing ang panahon ng winter at hand ana ang crew ng Brampton! Ang aming team ay nagsisikap sa buong panahon para matiyak na handa kami para linisin ang mga daan na pag-aari ng Lungsod, mga bangketa, hintuan ng sasakyan, panlibangang mga trail at mga tawiran sa paaralan, para makapunta ang mga residente nang ligtas kung saan sila pupunta.

Pinapaalalahan ng Lungsod ang mga residente na ang pagiging handa sa winter ay isang pagsisikap ng team at may tulong ng bawat isa, ang season na ito ay magiging mas ligtas para sa lahat:

- Sa sitwasyon ng emergency, maging handa na ingatan ang sarili at ang iyong pamilya sa loob ng di-bababa sa 72 oras. Maghanda ng 72-oras na safety kit para sa inyong tahanan at sasakyan.
- Tanggalan kaagad ang mga bangketa ng yelo, snow, at slush pagkatapos mag-snow;
- Hindi pinapayagan ang pagparada sa mga klaye at ipapatupad sa panahon ng mga event sa panahon ng winter. Mangyaring ilipat ang mga sasakyasn para matiyak na makakadaan ng ligtas ang mga plow, salter at pang-emergency na mga sasakyan;
- Kung lampas na sa 24 oras mula nang matapos ang pag-snow at nangangailangan pa rin ng pansin ang inyong kalye, ipaalam sa Lungsod sa pamamagitan ng pagtawag sa 311, pagsusumite ng service request sa 311 mobile app, pag-email sa 311@brampton.ca, o pagbisita sa www.311brampton.ca;
- Sundan ang lahat ng mga social media account para sa ating #BramSnowUpdate;
- Ang pinansyal na tulong sa pagtanggal ng snow ay mapapakinabangan ng mga kwalipikadong senior at mga may-ari ng pamamahay na may pisikal na mga kapansanan. Alamin ang mas marami pa sa: ow.ly/D2R050xgPq2.

**Plow Tracker ng Lungsod**

Makikita ng mga residente kung ano ang tinatanggal ng mga crew gamit ang Plow Tracker ng Lungsod sa www.brampton.ca/snow at sa 311 mobile app! Ang app ay pwedeng mai-download mula sa Google Play o sa App Store. Gamit ang tool na ito, makikita ng mga residente ang progreso ng pagtanggal ng snow, mga prayoridad sa daan, at kung ang isang plow ay malapit sa kanila upang maililipat nila ang kanilang mga sasakyan mula sa daan. Pwede ring isumite ang mga service request.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga operation ng Lungsod sa winter, bisitahin ang www.brampton.ca/snow.

**Mga Quote**

“Ang kaligtasan ng mga residente ng Brampton ay ang ating numero unong prayoridad – kaya ang ating mga crew sa buong araw at gabi para matiyak na handa tayo kapag dumating na ang panahon ng winter. Tayong lahat ay may tungkulin na gagampanan para gawing ligtas at nakaka-enjoy ang season na ito. Makakatulong ang mga residente sa pamamagitan ng pagtanggal kaagad sa mga yelo, snow at slush sa mga sidewalk, pinanatiling wala sa mga kalye ang mga sasakyan sa panahon ng mga event sa winter at sa pag-download sa 311 mobile app!”
*- Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Kapag ginagawa ng bawat isa ang kanilang parte para manatiling handa sa winter ang ating komunidad, tayong lahat ay makakapunta sa lahat ng kailangang puntahan natin, nang ligtas. Hinihikayat ko ang mga residente na i-download ang ating 311 mobile app, sundan ang lahat ng social media account ng Lungsod ng Brampton para sa ating #BramSnowUpdate at gawin ang kanilang parte na panatilihing walang harang ang mga sidewalk. Kapag dumating ang panahon ng winter, magiging handa tayo, nang magkakasama!”
*- Paul Vicente, Rehiyonal na Konsehal, Wards 1at5; Chair, Public Works and Engineering, Lungsod ng Brampton*

“Ang isa sa pinakamalaking operation sa Lungsod ay ang pagtugon sa mga kondisyon sa panahon ng winter upang ang ating komunidad ay mananatiling ligtas, nakaka-enjoy at naa-access para sa lahat. Ang Lungsod ay nagpapanatili ng 4,053 lane kilometro ng mga daan, 1,009 kilometro ng mga sidewalk at walkway at 205 kilometro ng panlibangang mga trail taon-taon. Hinihikayat ang mga residente na i-download ang 311 mobile app, kabilang ang Plow Tracker, upang manatiling may-alam tungkol sa estado ng lokal na operation sa snow ng season na ito, upang maiplano nila ang kanilang mga pagbibiyahe sa panahon ng mga event sa snow sa isang ligtas na paraan.”
*- Paul Morrison, Chief Administrative Officer, Lungsod ng Brampton*

-30-

**Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo.** Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustenable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa Twitter, Facebook, at Instagram. Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca

**KONTAK NG MEDIA**
Multicultural Media ng Lungsod ng Brampton
multiculturalmedia@brampton.ca